*Ang Pagbasa ay mula sa Misa* Para sa Iisang Virgen na Martir Me expectaverunt.

**Paningit na Awit (Gradual)** • *Ps 44:11, 12, 5; Mt 25:4, 6*

**Audi,** fília, et vide, et inclína aurem tuam : quia concupívit Rex spéciem tuam.

*V.* Specie tua et pulchritudine tua intende, prospere procede et regna.

**Alleluia.** *V.* Quinque prudéntes vírgines accepérunt óleum in vasis suis cum lampádibus : média autem nocte clamor factus est : Ecce Sponsus venit : exíte óbviam Christo Dómino **Alleluia.**

**Sa** iyong yumi't ganda, sumakay kang nananagumpay, masagana kang tumungo't magharing mainam!
*V.* Dahil sa katotohanan, kababaang-loob, at kataraungan, maskikita mo ang mga gawang kagila-gilalas ng iyong kamay.

**Aleluya, aleluya!** *V.* Ang limang matatalino ay nagbaon ng langis, bukod pa sa nasa kanilang mga ilawan. Habang malalim ang gabi, may sumigaw sa liwasan: "Narito na't dumarating ang inyong Kabiyak! Lumabas kayo't salubungin si Cristong Poon!" **Aleluya.**

**Panalangin Ukol sa mga Alay**

**Hæc** hóstia, Dómine, placatiónis et laudis, quǽsumus: ut, intercedénte beáta Cæcília Vírgine et Mártyre tua, nos propitiatióne tua dignos semper effíciat. Per Dóminum.

**Ang** paghahain ng pakikipagkasundo namin at pagpupuri, O Panginoon, pakundangan kay Santa Cecilia na iyong Virgen at Martir, nawa'y magindapat kaming tumanggap ng Iyong pagpapatawad. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**Panalangin Matapos ang Komunyon**

**Satiasti,** Dómine, famíliam tuam munéribus sacris : ejus, quaésumus, semper interventióne nos réfove, cujus sollémnia celebrámus. Per Dóminum.

**Panginoon,** sa mga banal na kaloob na ito'y binusog Mo ang iyong angkan: isinasamo namin sa Iyo na lagi nawa kaming ipagdalangin sa iyong harapan ng mga Santo na aming ipinagpipistang dakila. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Nobyembre 17*

## SAN GREGORIO TAUMATURGO, Obispo at Confesor

*III cl • Semidoble • Puti*

*Ang Misa ay mula sa* Para sa Iisang Confesor na Obispo Statuit ei *maliban sa Ebanghelyo na ito:*

**Ebanghelyo** • *Mk 11:22-24*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Marcos.

**Noong panahong iyon:** Sinagot ni Jesus ang kaniyang mga alagad, "Manalig kayo sa Dios. Tandaan ninyo ito: kung kayo'y nananampalataya sa Diyos at hindi kayo nag-aalinlangan, maaari ninyong sabihin sa bundok na ito, 'Umalis ka riyan at tumalon ka sa dagat,' at ito nga ay mangyayari. Kaya't sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa inyong panalangin, maniwala kayong natanggap na ninyo iyon, at matatanggap nga ninyo iyon." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

*Nobyembre 18*

## PAGTATALAGA NG PALASYONG SIMBAHAN NI SAN PEDRO AT SAN PABLO SA ROMA

*III cl • Doblemayor • Puti*

*Ang Misa ay mula sa* Para sa Pagtatalaga ng Simbahan Terribilis.

*Nobyembre 19*

## SANTA ISABEL, REINA NG HUNGRÍA Viuda

San Ponciano, Papa at Martir

*III cl • Doble • Puti*

*Ang Misa ay mula sa* Para sa hindi Virgen at hindi Martir (mga Viuda o Penitente) Cognóvi *maliban sa nakatakda:*

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

| | |
|---|---|
| **TUÓRUM** corda fidélium, Deus miserátor, illústra: et, beátæ Elisabeth précibus gloriósis; fac nos próspera mundi despícere, et cœlésti semper consolatióne gaudére. Per Dóminum. | **LIWANAGAN** mo ang kalooban ng tapat mong bayan, O Dios na mahabagin, upang sa pamamagitan ng mga panalangin ni Santa Isabel ay amin ding tignang walang kabuluhan ang yaman na alay ng sanlibutang ito, at palagiang magalak sa makalangit niyang pag-aliw sa amin. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... |

*Ang mga panalangin sa Misa para gunitain si San Pontiano ay mula sa* Para sa Iisa o Maramihang Santo Papa Si Diligis Me.

*Nobyembre 20*

## SAN FELIX NG VALOIS
## Confesor

*III cl. • Doble • Puti*

*Ang Misa ay mula sa* Para sa Isang Confesor Justus ut palma *maliban rito:*

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

| | |
|---|---|
| **DEUS,** qui beátum Felícem Confessórem tuum ex erémo ad munus rediméndi captívos cǽlitus vocáre dignátus es: præsta, quǽsumus; ut per grátiam tuam ex peccatórum nostrórum captivitáte, eius intercessióne, liberáti, ad cæléstem pátriam perducámur. Per Dóminum. | **O DIOS,** sa makalangit Mong biyaya ay tinawag Mo si San Felix na iyong Confesor buhat sa ilang tungo sa gawaing pagpapalaya sa mga bihag; ipagkaloob mo nawa, pakundangan sa kaniya'y mapalaya kami sa aming mga sala dulot ng Iyong grasya nang kami'y iyong akayin tungo sa tunay na Langit na bayan ng tanan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... |

*Nobyembre 21*

## PAGDADALA KAY SANTA MARIANG VIRGEN SA TEMPLO

*III cl. • Doblemayor • Puti*

*Ang Pista na ito ay ipinagdiriwang lalo sa mga Oblato sa Orden ni San Benito. Misa ay mula sa* Pista ng Mahal na Virgeng Maria Salve Sancta Parens *maliban rito:*

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

| | |
|---|---|
| **DEUS,** qui beátam Maríam semper Vírginem, Spíritus Sancti habitáculum, hodiérna die in templo præsentári voluísti: præsta, quǽsumus; ut, ejus intercessióne, in templo glóriæ tuæ præsentári mereámur. Per Dóminum. | **O DIOS,** niloob Mong ang Virgeng Maria, ang tahanan ng Espiritu Santo, ay dinala ngayong araw sa templo upang ihandog sa Iyo, isinasamo namin, pakundangan sa kaniya'y magindapat din kaming maiharap sa tahanan Mong walang hanggan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... |

*May* Credo *o* Sumasampalataya.

*Nobyembre 22*

## SANTA CECILIA, Virgen at Martir

*III cl. • Doble • Pula*

*Ang Misa ay mula sa* Para sa Iisang Virgen at Martir Loquebar *maliban sa mga ito::*

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

| | |
|---|---|
| **DEUS,** qui nos ánnua beátæ Cæcíliæ Vírginis et Mártyris tuæ sollemnitáte lætíficas: da, ut, quam venerámur offício, étiam piæ conversatiónis sequámur exémplo. Per Dóminum. | **O DIOS,** taun-taon Mo kaming pinaliligaya sa pista ni Santa Cecilia na iyong Virgen at Martir: nawa'y matularan namin ang kaniyang malinis na pamumuhay sa pamamagitan ng aming paggunita sa banal na Misang ito. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... |